

Performans ng mga Mag-aaral sa Kasanayang Pagbasa ng mga Piling Akda sa Filipino

(Students' Performance in Reading Skills of Selected Literary Works in Filipino)

Juliet O. Mandado, Ed.D

Assistant Professor 4

Cebu Technological University-Main

Cebu City, Philippines

mandadojul32@gmail.com

Abstract—*This research analyzed the students' performance of students in reading selected literary works in Filipino namely: Ang Lalapindigowa-I; Kung Bakit Maliit ang Baywang ng Isang Putakti; Yumayapos ang Takipsilim; Ningning at Liwanag; at Ang Alamat ng Bulkang Mayonat the secondary level to obtain the reading textbook model. The Paired Reading strategy will be used by Toppings, (2014) and is conducted between two groups of students and the teacher will be given the same book and the same page of text reading. The performances of students in reading skills in selected works in Filipino were used as reading texts exercises. It used quantitative design and correlation research design was used by the researcher to reveal and measure the level of reading proficiency according to the pre-post tests. The following quirries will be answered: (1) what are the performance of students in interpretation or definition in reading literaries; and (2) the significant difference in reading performance with pre-test and post-test as to the comprehension of students in doing the exercises. The result shows that the student with the comprehension learns quickly in a guided reading. If there is assistance in learning-teaching reading and in comprehending the words and inferring the message printed in the text the reading skills of students is achievable.*

Keywords - performance, short stories, reading skills, pre-post & paired reading, Philippines

I. INTRODUCTION

Ang tao ay maraming kasanayan na dapat linangin at alamin sa buhay, isa na rito ang mga mag-aaral na may kakayahang malinang bawat kasanayan sa araw-araw magamit ito tulad ng pakikikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat at panonood. Isa ang kasanayang pagbasa ang may malaking papel sa tao dahil ang pagbasa ay pangngailangan na may intelektwal. Ang

kakayahang pangkaisipan ay ang panlahat na kakayahang intelektwal ng isang tagabasa ayon kay Badayos, 2000. Ito ay may sinusunod na hakbang at proseso. Taglay nito ang mga kailangang gampanin, mga hakbangin at iba't ibang pamamaraan sa pagtataguyod nito.

Ang pagbasa ng anumang uri ng katha ay nagkakabisa sa ating isip, damdamin at kaasalan (Belvez et al., 2004). Ayon kay William S. Gray, ang tinaguriang Ama ng Pagbasa, ay naglahad ng apat (4) na hakbang sa pagbasa, gaya ng mga sumusunod: pagkilala ay tumutukoy sa kakayahan ng bumabasa na mabigkas ang mga salitang tinutunghan at makilala ang mga sagisag ng isipang nakalimbag; pag-unawa isang kakayahang bigyang kahulugan at interpretasyon ang kaisipang ipinapahayag ng mga simbolo ng mga salitang nakalimbag; reaksiyon ay kakayahan ito ng mambabasa na maghatol o magsabi kung may kawastuhan at kahusayan ang pagkasulat ng teksto; at asimilasyon at Integrasyon ay kakayahan ito ng mambabasa na isabuhay ang natutuhang kaisipan sa binasa. Naiuugnay niya ang kasalukuyang karanasan sa nakaraan na tinalakay sa binasa.

Dagdag pa ni Anderson, et al. (1985) na ang pagbasa ay proseso ng pagkokonstrak ng kahulugan mula sa mga tekstong nakasulat. Isa itong komplikadong kasanayan na nangangailangan ng ilang magkakaugnay na hanguan ng impormasyon. Koch & Sporer, (2017) ang pagbasa ay hindi lamang pagkilala sa mga simbolong nakalimbag kundi pagkuha ng kahulugan ng nakalimbag na simbolo sa pamamagitan ng wastong pagunawa at pagpapakahulugan sa mensahe at layunin ng sumulat. Isa ito sa problemang nakitaan ng mananaliksik na kung saan ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pag-iintidi sa mga teksto naisulat at kulang sa interes sa pagbasa.

Ito ay sinupurtahan naman sa ginawang pag-aaral ni Cantina mula kay Rodrigo, (2018) na ang kahinaan

ng mga mag-aaral sa pag-intindi sa mga nakalimbag na salita at simbolo ay nakaapekto nang sobra sa pagresolba sa mga problema sa asignaturang Matematika. Ganito rin ang talakay nina Chall, et al. (1991) sa kanyang aklat na *"The Reading Crisis: Why Poor Children Fall Behind,"* ang kakulangan sa pagtuturo ng mga tekstong Impormatibo ay nagdudulot ng pagbaba sa komprehensyon o kakayahang umunawa ng ganitong teksto para sa mga mag-aaral.

Ang pag-aaral na ito ay nilayon na maanalisa ang kakayahan at kasanayan ng mag-aaral na may komprehensiyon sa pagbasa ng mga maiikling kuwento sa Filipino ayon sa pagbibigay kahulugan o depenisyon; at may makabuluhang pagkakaiba sa performans sa pagbasa na may komprehensyon ang mga mag-aaral sa pre-test at posttest.

Ang problemang ito ay nakaangkla kay Toppings, (2014) sa kanyang *Paired Reading sa aklat "Paired Reading and Related Methods for Improving Fluency"* ay isang diretsong paraan para sa mas mapahusay na mga mambabasa at matulungan ang mga hindi gaanong makabasa na bumuo ng mas mahusay na mga kasanayan sa pagbabasa."

Bilang gurong tagapagturo ng pagbasa at mananaliksik ay nakitaan ang mga mag-aaral na kawalan ng interes sa pagbasa at katamaran ay magsisilbing hamon para sa mga guro. Isang hamon sa pagtuklas ng iba pang pamamaraan at alternatibong estratehiya ng pagtuturo sa pagbasa na may komprehensyon upang matamo ng mag-aaral ang kaalaman sa pagkatuto at magampanan ng guro ang kanyang misyon.

II. RESEARCH OBJECTIVE

Nilayon ng pag-aaral ay ang masuri at maanalisa ang performans ng mga mag-aaral sa pagbasa ng mga piling akda sa Filipino na: ang Lalapindigowa-I; Kung Bakit Maliit ang Baywang ng Isang Putakti; Yumayapos ang Takipsilim; Ningning at Liwanag; at Ang Alamat ng Bulkang Mayon sa antas sekundarya upang makuha ng modelong gabay-aralin sa pagbasa.

Tiniyak na masagot ang sumusunod: ang performans pagbibigay kahulugan o depenisyon; at ang makabuluhang pagkakaiba ng performans sa pagbasa na may komprehensiyon sa pretest at posttest.

III. RESEARCH METHODOLOGY

Layunin ng pag-aaral na ito ay alamin at analisahin ang mga performans ng mga mag-aaral sa kasanayang pagbasa sa piling akda sa Filipino. Ito ay ginamitan ng desinyong kwantitative at korelasyonal na desinyo ng pananaliksik ay ginamit ng mananaliksik upang ilahad at sukatin ang antas ng kasanayan sa pagbasa ayon sa pre-post test.

RESEARCH INSTRUMENT

Ang bahaging ito ay nagsasaad ng mga disenyo ng pananaliksik, daloy ng pag-aaral, kapaligiran ng pag-aaral, respondente, instrumento ng pananaliksik, proseso ng datos, istadistikal na pagtugon at pagpupuntos.

Sa pananaliksik ay gumagamit ng mga piling maiikling kuwento sa Filipino na pinagbatayan ng mga pagsasanay sa pre-test at posttest. Ang mga akdang pinagbatayan sa mga pagsasanay sa pagbibigay-kahulugan o depenisyon at kaibahan sa kanilang performans sa *pre-test* at *post-test* ay ang sumusunod:

1. *Lalapindigowa-i: Kung Bakit Maliit ang Baywang ng Putakti* ay isang Pabula na sinulat ni Dr. Nagsura Madale.
2. *Ang Alamat ng Bulkang Mayon* naman ay isang Alamat na sinulat ni Rene O. Villanueva.
3. *Ang Ningning at ang Liwanag* ay isang *Sanaysay na sinulat* ni Emilio Jacinto.
4. *Ang Yumayapos ang Liwanag* ay isang *Maikling Kuwento* na sinulat ni Genoneva E. Matute.

Gagamitin ang estratehiyang *Paired Reading* ni Toppings, (2014) at isinasagawa sa pagitan ng dalawang pangkat ng mag-aaral at bibigyan ng guro ng parehong aklat at parehong pahina ng tekstong babasahin.

Bumuo ang mananaliksik ng mga pagsasanay na ginamit sa pretest at posttest. Ang mga akdang ito hindi rin matatawaran ang mga akdang ginamit dahil nanalo ang mga ito sa iba't ibang patimpalak. Ang lahat ng mga akda ay ayon sa kurikulum ng Departamento ng Edukasyon o DepEd. Ginamit ang mga ito sa *pre-test* at *post-test* upang makuha ang pagkakaiba ng performans ng mga mag-aaral. Ang estratehiyang *Paired Reading* naman ay ginamit sa pagtatasa ng post-test.

IV. DISCUSSION

Inilalahad sa bahaging ito ang pagtatalakay tungkol sa performans ng mag-aaral sa kasanayang pagbasa ng akdang Filipino ayon sa pagbibigay-kahulugan o depenisyon at ang pagkakaiba ng performans sa pretest at posttest.

Pagbibigay - Kahulugan o Depenisyon

Ang layunin ng tekstong depenisyon ay ang mabigyang-kahulugan ang iba't ibang termino sa nabasang teksto at ito ay maiintindihan. Ito ay malaking hawan upang mabigyang-daan ang lubos na pagkaunawa ng mga mambabasa sa teksto. Ang mga pamamaraang ito ay ayon kay De Leon, (2018) mula kay Casanova (2001), napakahalagang sandata sa isang manunulat at maging sa mga mambabasa. May mga pagkakataong binibigyang-diin ito sa isang sulatin kaya nangangailangan ito ng mga pansuportang ideya (Bernales, et al., 2007).

Ang akdang Lalapindigwa-i: Kung bakit Maliit ang Baywang ng Putakti nakita ang performans sa post-test makikita na sa range na 9-10, ito ay may frequency na 32 at may mean na 8.21 ibig sabihin lang na tumaas ang bilang ng mga nakakuha ng tamang sagot. Ang pre-test na ang range ng iskor ay 7-8 ay may frequency o bilang ng mga respondente na may tamang sagot ay 12 lang at may mean na 2.71. Ang post-test naman na may range na 7-8 ay may frequency na 20 at may mean na 8.45.

Inilahad sa talahanayan 1 ang performans sa mga mag-aaral sa kanilang pre-test at post-test sa pagbibigay kahulugan o depinasyon sa mga akdang literari sa pre-test.

TALAHANAYAN 1

PERFORMANS NG MAG-AARAL SA PAGBIBIGAY-KAHULUGAN O DEPINISYON

Akdang Literari	Pre-test			Post-test		
	Range	Frequency	Mean	Range	Frequency	Mean
Lalapindigwa-i:Kung Bakit Maliit ang Baywang ng Putakti	9-10	12	3.06	9-10	32	8.21
	7-8	17	2.71	7-8	20	8.45
	5-6	10	3.43	5-6	3	2.53
	3-4	11	5.79	3-4	3	1.26
Ang Alamat ng Bulkang Mayon	1-2	10	2.24	1-2	2	1.71
	9-10	10	2.75	9-10	35	8.32
	7-8	15	3.47	7-8	17	7.59
	5-6	14	3.21	5-6	4	3.84
Ang Liwanag at ang Ningning	3-4	9	2.04	3-4	2	1.68
	1-2	12	4.65	1-2	2	1.34
	9-10	10	3.63	9-10	34	7.43
	7-8	16	2.75	7-8	21	8.26
Yumayapos Ang Liwanag	5-6	14	3.41	5-6	2	2.34
	3-4	10	3.16	3-4	2	2.56
	1-2	10	2.34	1-2	1	1.45
	9-10	13	2.23	9-10	35	8.16
Ang Liwanag	7-8	12	2.86	7-8	16	7.43
	5-6	20	3.42	5-6	5	3.53
	3-4	7	2.15	3-4	2	2.34
	1-2	8	2.62	1-2	2	2.68

FIG 1: SCORING; MALINIS AT MALINAW ANG PAGKAPILI NG SALITA, MALINIS, MAAYOS ANG PAGLALAPAT NG KAHULUGAN, NAGAGAMIT ANG MGA KOHESTYONG GRAMATIKAL SA PAGSULAT IN 5,4,3,2,1 RESPECTIVELY WITH TOTAL OF 10

Tumaas ang bilang ng mga respondente na nakakuha ng malaking iskor. Ang pre-test na may range na 5-6 ay may frequency na 10 at may mean na 3.43, ang post-test naman sa katulad na range ay may frequency na 3 at may mean na 2.53. Ang pre-test na may range na 3-4 ay nakakuha ng frequency na 11 at ito ay may mean na 5.79. Ang post-test naman ay may frequency na 3 at may mean na 1.26 at Ang range na 1-2 sa pre-test ay may frequency na 10 at may mean ito na 2.24. Pagdating naman sa post-test ang frequency nito ay 2 at may mean na 1.71.

Ito naman ang datos ng pre-test at post-test ng mga respondente sa pagbibigay-kahulugan gamit ang

kuwentong Ang Alamat ng Bulkang Mayon ni Rene O. Villanueva. Sa pre-test na kung saan ang range ng iskor ay 9-10 ang may frequency na 10 at may mean na 2.75. Habang ang post-test naman na gumamit ng Paired Reading ay may frequency na 35 at may mean. Sa pre-test kung saan ang range ng iskor ay 7-8 ay may frequency na 15 at ito ay may mean na 3.47. Habang ang post-test naman ay may frequency na 17 at mean na 7.59. Ang pre-test naman na kung saan ang range ng iskor ay 5-6 ay may frequency na 14 at mean na 3.21 at ang post-test ay may frequency na 4 at ang mean ay 3.84. Ang range na 3-4 sa pre-test ay may frequency 9 at mean, habang ang post-test naman ay may frequency na 2 at mean. Sa range na 1-2, ang pre-test ay may frequency na 12 at mean ang post-test ay may frequency na 2 at mean na 1.34.

At ang sumunod na binigyan ng pagbibigay-kahulugan ay ang **kuwentong Ang Liwanag at ang Ningning ni Emilio Jacinto.** Ang pre-test na ang range ng iskor ay 9-10 ay may frequency o bilang na mga nakakuha ay 10 at may mean na 3.63. Ang post-test naman ay may frequency na 34 at mean na 7.43. Ang range naman na 7-8 sa pre-test ay may frequency na 16 at mean na 2.75. Sa post-test naman ay may frequency na 21 at mean na 8.26. Ang pre-test naman na may range ng iskor na 5-6 ay nakakuha ng frequency na 14 at mean na 3.41. Pagdating naman sa post-test, ito ay may frequency na 2 at mean na 2.34. Ang range na 3-4 sa pre-test ay may frequency na 10 at mean na 3.16, at sa post-test naman ay may frequency na 2 at mean na 2.56. Sa range na 1-2 sa pre-test ay may nakakuha na 10 bilang at ito ay may mean na 2.34. Sa post-test nito ay may nakakuha ng 1 at ito ay may mean na 1.45 at may mean na 1.45.

Ang sumunod na binigyan ng kahulugan ay ang **kuwentong Yumayapos ang Liwanag ni Genoveva Edroza Matute.** Ang range ng iskor na 9-10 sa pre-test ay may 13 na nakakuha at ito ay may mean na 2.23, Sa post-test naman ay may nakakuhang 35 at ito ay may mean na 8.16. Ang range ng iskor na 7-8 ay may nakakuhang 12 na may mean na 2.86, Sa post-test, ito ay may bilang na 16 na nakakuha at ito ay may mean na 7.43, Sa range na 5-6 ang iskor, sa pre-test ay may bilang na 20 at mean na 3.42, Habang sa post-test ay may bilang na 5 at mean na 3.53 at SD na .85. Sa range na 3-4, ito ay may bilang na 7, mean na 2.15. Samantalang sa post-test naman ay may bilang na 2, mean na 2.34, Ang range na 1-2 sa pre-test ay may bilang na 8 at ito ay may mean na 2.62 Sa post-test naman ay may bilang na 2 at mean na 2.68.

Binigyan-diin ni Dudych, (2015) ang mga guro ang gumagawa ng pagbabago sa pagsuporta nahihirapang mga mambabasa sa pamamagitan ng paggamit ng maikli at direktang pamamaraan ng

pagtuturo. Tumutugon sa kaniyang papel na mga aspetong tutulong sa nahihirapang mambabasa na makamit ang tagumpay.

May mga mag-aaral na mabilis ang pagkatuto sa pagbabasa kung inaalayan at ginagabayan. Kung may aalalay sa pagkatuto at sa pag-intindi sa mga salita at paghihinuha sa mensahe na nakalimbag sa teksto sa kasanayang pagbasa.

Ipinapakita sa talahanayan 1 ang kalakasan ng *Paired Reading* sa kasanayang pagbibigay-kahulugan sa post-test. Makikita sa resulta na tumaas ang bilang ng mga nakakuha ng tamang sagot. Masasabi na gumaan ang pagpapakahulugan ng mga mag-aaral sa mga salita sa teksto. Kung sila ay nahihirapan ay may matatanungan sila upang ito ay mabigyang- linaw ng kapares.

Nagkakaroon ng pagpapalitan ng ideya sa mga tekstong nabasa. Ang mga mag-aaral ay nagtutulong-tulong upang mas maliwanagan sa mensahe ng tekstong binabasa. Napipili nila ang pinakaangkop at pinakamalapit na kahulugan ng mga salita. Masigla at hindi binabagot ang bawat isa sa pagbabasa. Nabibigkas nila ng tama ang bawat salita sapagkat nagkakaroon ng paggabay sa bawat isa.

Performans sa Kasanayang Pagbasa na may komprehensyon

Ang kasanayang pagbasa ay mahalaga sa bawat mag-aaral lalo na sa komprehensyon sa bawat pagbasa ng teksto na nangangailang ito ay maunawaan ang angkop na pagpapakahulugan mula sa nabasa. Ito ay sinuportahan ni Tumangan Sr. (9), na nagsabing ang pagbasa ay interpretasyon o pagpapakahulugan ng mga nakalimbag na simbolo ng kaisipan.

Talahanayan 2

Performans sa Kasanayang Pagbasa na may komprehensyon

Mga Kasanayan	Mean	SD	T value	P value	Interpretasyon
Pre-test	9.81				
Pagbibigay-Kahulugan		1.92	1.67	0.00	May makabuluhang pagkakaiba
Post-test	13.95				

Desisyon sa Ho: Ang Ho ay hindi tanggap

Ibig sabihin nito na lantad na ang mensahe ng tekstong binabasa at ang pag-unawa ay umiiral na iskemang nagaganap sa tao mismo. Ang kulang na

lang ay dapat mabigyan ng pansin ang lubusang pag-unawa upang mabigyan ng bago at mabisang elaborasyon at pagpapakahulugan ang konsepto. Mahalaga na magkaroon ng mabisang komprehensyon ang sinumang bumabasa.

Masisilayan sa talahanayan 2 ang performans skors sa kanayang pagbasa na may komprehensyon sa mag-aaral at dito nakitaan na ang kasanayan sa pagbibigay - kahulugan ay may pre-test na 9.81 samantalang ang nakuhang mean sa post-test ay 13.95. Ang *standard deviation* nito ay 1.92, ang *t value* ay 1.67, ang *p value* ay 0.00 at may desisyon na hindi tanggap ang haypotesis. Ito ay nangangahulugan na may makabuluhang pagkakaiba ang performans ng mga mag-aaral sa pagtasa sa mga kasanayan gamit ang *Paired Reading* na estratehiya. Ang desisyon ay hindi tanggap ang haypotesis at *rejected* ang haypotesis. Ito ay nangangahulugan na may makabuluhang pagkakaiba ang performans ng mga mag-aaral sa pagtasa sa mga kasanayan gamit ang *Paired Reading* na estratehiya. Ito ay sinang-ayonan sa ginawang pag-aaral nina Hornery, et al. (2014) "*Adopting a dual approach intervention*" na isang pagbabasang programa upang tumulong sa pagsuporta sa mga batang nahihirapan sa pagbabasa at naglalayong mapabuti ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagbasa na sabay pahusayin ang mga mag-aral sa konsepto sa sarili na nauugnay sa pagbasa.

V. CONCLUSION AND RECOMMENDATIONS

Sa paglalayong magkakaroon ng panibagong teknik at pamamaraan ang mga guro sa pagtuturo ng pagbasa na may komprehensyon sa tulong ng iba't ibang kasanayan pokus ang sa pagbibigay-kahulugan at performans ng mag-aaral. Bilang gurong nagtuturo gamit ang wikang Filipino na midyum sa pakikipagkomunikasyon ay mas madali ang kasanayan kung ang mga ito ay agaran ang paghahanap ng solusyon.

Ang mga sumusunod ay natuklasan sa pag-aaral ay; ang pagbasa ay isang komplikadong aktibong prosesong biswal na pandalawahan, isang pakikipag-ugnayan ng mambabasa sa manunulat, isang pagbubungkal ng yamang naipamana ng mga daliang isipan na maintindihan ang nailimbag na simbolo o teksto.

Ang mga pag-aaral ay may komprehensyon sa nabasang akda at makatutulong ng malaki sa ugnayan ng manunulat at ng bumabasa. Ang pagtuklas sa mga panibagong pamamaraan ay magagamit para mapalawak ang laman ng mga karunungan ng isang mag-aaral tungkol sa mga pangyayari sa paligid. Mahalaga na mailipat nang maaayos ang mga impormasyon na nasa libro patungo sa isipan ng mambabasa patungo sa

aplikasyon nito sa tunay na buhay. Patunay ito sa teorya ng pagbasa na "Bottom-up at Top-down" ay tumutukoy sa mga palatandaang pagtamo sa kalagayan ng nabasa gaya ng pangalan ng mga salita na may kahulugan at iba pa, samantalang ang bottom-up naman ay mga palatandaan na nagmumula sa mga naintindihang simbolo mula sa teksto.

Ang estratehiyang *Paired Reading*, dito rin nakitaan sa pag-aaral na nagkaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa performans ng mga respondente ayon sa pagbibigay – kahulugan o depinisyon mula sa mga nabasang akda. Tumaas ang bilang ng mga respondente na nakakuha ng tamang sagot sa mga pagsasanay sa *post-test*. Hindi matatawaran ang ambag nina Hornery, et.al (2014) sa larangan ng interbensiyon dahil ang tagumpay sa pagbasa at pagbabasa ng may sariling konsepto ay mahalagang sangkap sa pagtulong sa mga mag-aaral na lubos na mapakinabangan ang bawat potensyal at mapagtanto ito habambuhay.

Sa ganitong paraan ang performans ng mga mag-aaral ay nagampanan ng husto sa ginamit na epektibong estratehiya sa pagbasa ang *Paired Reading* bilang mahalagang sangkap na nagaganahan makisangkot sa talakayan ang mga mag-aaral kapag ang kanilang performans ay pandalawahan.

Ang paggamit ng estratehiya sa pagtuturo ay nangangailangan ng dagdag na pasensya sapagkat ito ay gagamit ng mas mahabang oras. Magagabayan ng guro ang bawat mag-aaral sa isa't isa higit lalo sa nangangailangan ng tulong. Sa paggamit ng *Paired Reading*, ang guro ay inaasahan na maging bibo sa kanyang pagtuturo.

Bumuo ng mga makabagong gawain na makatotohanan sa pagsukat ng kanilang komprehensyon. Ang panukat o pamantayan sa pagmamarka na gagamitin sa pag-alam sa talas ng kanilang memorya pagkatapos mabasa ang isang kuwento ay dapat pinag-aralan nang maayos.

Gumamit ng mga inobatibong pamamaraan sa pagbibigay ng pagsasanay na makapupukaw sa interes ng mga mag-aaral na makilahok sa mga gawain sa loob ng klase lalo na ang mga akdang pampanitikan na kawilihan ng mag-aaral at pagpapalaganap ng kontekstwalisadong komunikasyon sa lokalidad at kontekstwal itong nabibigyan ng pagpapakahulugan sang-ayon sa sitwasyong pangwika ng lipunan.

Acknowledgment

THE AUTHORS WOULD LIKE TO EXPRESS THEIR GRATITUDE TO THEIR RESEARCH PARTNERS. A SINCERE THANK YOU IS EXTENDED TO BOTH LEARNERS . THIS PAPER IS PART OF THESIS OF MASTERS IN EDUCATION MAJOR IN

FILIPINO LANGUAGE TEACHING IN CEBU TECHNOLOGICAL UNIVERSITY-MAIN CAMPUS, CEBU CITY PHILIPPINES.

REFERENCES

- [1]Alcantara, Rebecca D., Josefina Q. Cabanilla, Felicidad D. Espina at Aracela M. Villamin. (2003). *Teaching Strategies 1: Third Edition*. Makati City. Katha Publishing Co., Inc.
- [2]Aquino, Fe O., Consuelo C. Callang, Herminia S. Bas at Crisologa B. Capili. *Sining ng Komunikasyon*. (2001). Quezon City: National Book Store, Inc.
- [3]Aquino, Gaudencio V. (2003). *Effective Teaching, Third Edition*. Mandaluyong City: National Book Store Inc.
- [4]Badayos, Paquito. *Filipino Sa Iba't ibang Disiplina*. (2000). Makati City: Grandwater Publications.
- [5]Badayos, Paquito B. *Metodolohiya sa Pagtuturo ng Wika*. (2018). Philippine Normal University Press.
- [6]Belvez, Paz A. (2000). *Ang Guro at ang Sining ng Pagtuturo*. Quezon City: Dane Publication House.
- [7]Bernales, Rolando A. et. al., (2004). *Sining ng Pakikipagtalastasan*.
- [8]Chall, J. S., Jacobs, V. A., & Baldwin, L. E. (1991). *The Reading Crisis. Why poor children fall behind*. Retrieved on May 20, 2019 from World Wide Web at <https://www.hup.harvard.edu/catalog.php?isbn=9780674748859>
- [9]Comeso, J. S. (2018). *Kagamitang Pampagtuturo sa Asignaturang Panitikan sa Pilipinas*. [Di-inilathalang Tesis sa Masteral]. Cebu Technological University.
- [10]De Leon, Elmer B. (2018). *Tuklas-Diwa: Pagbasa, Panunuri at Pananaliksik*. LORIMAR Publishing.
- [11]Dudych, K. (2015). Literature review: Supporting struggling readers. *BU Journal of Graduate Studies in Education*, Vol. 7, (2). <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1230713.pdf>

[12]Gilstad, J. R. (1985) "William S. Gray (1885–1960): First IRA President." Reading Research Quarterly (summer): 509–511. Retrieved from World Wide Web at <https://education.stateuniversity.com/pages/2021/Gray-William-Scott-1885-1960.html#:~:text=Gray%20identified%20the%20following%20components,system%20of%20phonics%20that%20will>

[13]Horney, S., Seaton, M., Tracey, D. Craven, R.G., & Yeung, A.S., (2014). Enhancing reading skills and reading self-concept of children with reading difficulties: Adopting a dual approach intervention. Vo. 14, p. 131-143. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1041670.pdf>

[14]Geonzon, Cynthia C. [2014]. Pagbasa at Pagsulat tungo sa Pananaliksik. National Bookstore Inc.

[15]Koch, H. & Sporer, N. (2017). Student improve in reading comprehension by learning how to teach reading strategies. An evidence-based approach for teacher education. <https://www.hup.harvard.edu/catalog.php?isbn=9780674748859>

[16]Lontoc, Nestor S. (2017). Pinagyamang Pluma. Phoenix Publishing House.

[17]Toppings, J. K., (2014). Paired reading and related methods for improving fluency. Retrieved on August 30, 2019 from 7 (1), p. 57-70. <https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1053797.pdf>

[18]Torion, J. A. (2017). *Graphic Organizer sa Mapanuring Pagbabasa: Mungkahing Modyul*. [Dinilathalang Disertasyon sa Doctoral]. Cebu Normal University.